# Pagninilay ng Simbahang Katoliko sa Pilipinas 2022

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Jerome Marquez
Setyembre 17, 2022

Ipinag-utos ni Papa Francisco sa Simbahang Katoliko na magsagawa ng panayam sa iba't ibang parokya tungkol sa totoong sitwasyon sa pagitan ng simbahan at komunidad. Ang ulat mula sa *The Bishop National Report* ang tanging nagsama ng mga sagot ng iba't ibang sektor ng pamayanan kaugnay sa Simbahang Katoliko. Ang pagsusumikap na ito ay tinatawag na *synodality* kung saan ang simbahan at pamayanan ay sabay na maglalakbay upang maipagpatuloy ang misyon ni Kristo sa mundo. Gayunpaman, pagkatapos ng masusing pagkonsulta sa mga taong nasa laylayan ng lipunan, napag-alaman na ang Simbahan at lipunan ay may malawak, hindi malinaw at nakalilitong agwat.

**A. Tatlong Proseso ng *Synodality***

1. Ang pagninilay sa mga karanasan ng komunidad; mga kwento sa likod ng bawat komunidad - OFW, bilanggo, mga taong pinagkaitan ng kalayaan, LGBTQ, pulitiko, manggagawa sa simbahan, nakatatandang mamamayan, magsasaka, at mga *call center agents* at iba pa.
2. Nakatuon ang mensahe ng Diyos sa kanilang pagbabahagi ng kanilang karanasan.
3. Ang tugon ng simbahan sa kanilang mga karanasan sa bawat komunidad, halimbawa, mga biktima ng *rape* at mga babaeng minolestiya, mga babaeng nagbalak ipalaglag ang nasa sinapupunan, adik sa droga at iba pa.

Noon, ang madalas na tumutugon sa sinodalidad ay ang mga diyosesis, parokya at mga namumuno sa simbahan lamang. Ngunit ngayon, ang mga tumugon ay ang *sectoral representative*: manggagawa, karpentero, magsasaka, lider ng barangay, pamilya ng mga nagpakamatay, sumasahod ng arawan, tindera, labandera, mga batang may espesyal na pangangailangan, mga tao sa media, mga pari sa ibat ibang Kristiyanong denominasyon, adik sa droga (nagpapagaling sa paggamit ng droga), mangingisda, PWD, guro, estudyante, mga hiwalay, at iba pa.

**B. Mga Bahagi ng Proseso ng Sinodalidad**

1. Pagtatanong – tinanong ang komunidad tungkol sa kanilang damdamin, pagsubok at karanasan
2. Pakikinig- bigyan pansin at unawaing mabuti ang mensahe ng Diyos.

   2.1 Pagbabahagi sa pamamagitan ng social media - ipalaganap sa komunidad ang mga mahahalagang isyu sa *Facebook, Youtube, Tiktok*

   2.2 Paglalahad – bigyang pagkakataon ang komunidad na maglahad at ipaabot ang kanilang mga alalahanin.

Kaya naman, mahalaga ang nagawa ng simbahan dahil narinig, napag-usapan, at nasuri ang kanilang mga karanasan.

**Konklusyon:**

Ayon sa ulat ni Cardinal Jose Advincula sa Vatican, nakaligtaan ng *Philippine Catholic Church* ang mga nasa laylayan ng lipunan at parang inilayo ang sarili sa mga mahihirap. Hindi rin pamilyar ang mga mahihirap sa mga gawaing simbahan. Dahil dito inamin ng Simbahang Katoliko na nakita at naobserbahan ang agwat nila sa mahihirap dahil ang pakiramdam ng mga nasa laylayan ng lipunan ay hindi sila kabahagi sa proseso ng sinodalidad ng simbahan. Dagdag pa nito, ang pakiramdam ng ibang sektor ng lipunan ay wala sila kasama, iniwan at hindi pinapakinggan sa oras ng kagipitan. Ang bunga nito, lumayo ang iba sa simbahan. Kaya, ang simbahan ay natutong makinig sa mga alalahanin at mga isyu ng lipunan sa pamamagitan ng prosesong sinodalidad at pagkatapos sumunod sa kalooban ng Diyos.

**Pagninilay:**

1. Isa ka ba sa naiwan ng simbahan at gustong humiwalay dahil pakiramdam mo hindi ka pinapakinggan at inaapi?
2. Pagkatapos ang hindi magandang karanasan mo sa iyong kongregasyon, sinubukan mo bang muling tuklasin si Hesus, magpokus, at kumapit sa Kanya?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Panalangin